


PROJECT EASE

(Effective and Affordable Secondary Education)

EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA I



MODYUL BILANG 13



BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
DEPARTMENT OF EDUCATION
DepED Complex, Meralco Avenue
Pasig City



EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA 1

Yunit 3

Modyul 13

Sana Maulit Muli

I. Ano ang Inaasahang Matututuhan Mo?

Mayroon na bang kapamilya o kamag-aral na pumansin sa isang kakaibang kilos o gawi mo? Ano ang naging reaksiyon mo nang pansinin ka nila?

Mahirap bang baguhin ang isang nakasanayan na? Malaki ang maaaring maging epekto sa iyo ng uri ng kilos na paulit-ulit mong ginagawa.

Pagkatapos mong pag-aralan ang modyul na ito, inaasahang matututuhan mo ang mga sumusunod na kasanayan at pagpapahalaga:

- A. Naipaliliwanag ang kaibahan ng *values* sa *virtues*
- B. Nasusuri ang epekto ng pagkakaroon ng mabuting gawi tungo sa kaganapan ng pagkatao
- C. Nakabubuo ng mga hakbang upang mabago ang mga hindi mabubuting gawi

Ang modyul na ito ay sadyang binuo upang maunawaan mong mabuti ang mga aralin sa Edukasyon sa Pagpapahalaga I kahit hindi ka makapasok sa paaralan nang regular. Upang maging lubos ang iyong pag-unawa sa mga nilalaman ng mga aralin, sundin mo nang tapat ang mga sumusunod na tagubilin:

1. Basahin ang modyul ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga gawain.
2. Unawaing mabuti ang nilalaman ng paksang aralin.
3. Basahin at sundin ang mga panuto at iba pang tagubilin.
4. Pag-isipang mabuti ang mga sagot sa bawat tanong bago ito isulat sa tanging kuwaderno sa Edukasyon sa Pagpapahalaga.
5. Maging tapat sa iyong sarili sa lahat ng pagkakataon. Laging isaalang-alang ang iyong puso at damdamin sa pagsagot sa mga tanong. Gamiting gabay ang layuning matuto at mapaunlad ang sariling pagkatao sa lahat ng mga gawain.
6. Magtanong sa guro, magulang, kamag-aral o kaibigan kung kailangan.
7. Maging matiyaga sa pag-aaral. Huwag mawalan ng pag-asa kahit nahihirapan.

Bago simulan ang gawain sa modyul, sagutin mo ang mga sumusunod na panimulang pagsubok.

II. Handa Ka Na Ba?

Panuto: Basahing mabuti ang mga pahayag. Isulat ang **T** kung ito ay wasto at **M** kung mali.

1. Walang kakayahan ang taong baguhin ang nakasanayan na.
2. *Virtues* ang tawag sa paulit-ulit na kilos.
3. Gawi ang tawag sa mga bagay na mahalaga at batayan ng kilos at pagpapasya ng isang tao.
4. *Temperance* ay tumutukoy sa kakayahang gumawa ng pasya o kumilos nang tama at nararapat sa sitwayon.
5. Mahalagang ingatan ang kilos dahil makaaapekto ito sa pagpapaunlad ng sarili.
6. *Fortitude* ang tawag sa katatagan ng loob.
7. Ang mabubuting gawi ay tinatawag ng bisyo.
8. Hustisya ang pagkakaloob sa isang tao ng nararapat sa kanya.
9. Mahalaga ang tungkuling ginagampanan ng kapwa sa pagmumulat sa ating di kanais-nais na gawi.
10. Magagawa ang anumang pagbabagong nais gawin sa sarili kung may determinasyon.

III. Tuklasin Mo

Gawain Blg. 1

Sa iyong edad ngayon, tiyak na may mga bagay at kilos na nakagawian mo ng gawin. Isipin mo at isulat ang mga ito sa nararapat na kolum sa ibaba. Paalaala: Huwag kang mahiyang isulat kahit ang hindi kanais-nais mong mga gawi. Maging tapat ka sa sarili sa pagsagot.

☺ Kanais-nais na Gawi	☹ Hindi Kanais-nais na Gawi

Sagutin Mo

1. Paano ka naapektuhan ng iyong mga hindi kanais -nais na gawi?
2. Nabago mo na ba ang mga ito? Kung oo, paano mo ito nabago? Kung hindi, bakit?
3. Paano ba nagiging gawi (habit) ang isang kilos?
4. Mababago pa ba ang mga hindi kanais-nais na gawi? Ipaliwanag?

Gawain Blg. 2

Basahin ang maikling kuwentong ito na halaw sa panulat ni Max Beerhom.

May isang lalaking nangangalang Lord George Hall. Masama ang ugali niya. Sinasabing makita lamang ng mga tao ang mukha niya ay natatakot na sa kanya. Dahil dito, wala siyang gaanong kapwa tao sa kanilang lugar.

Minsan, may nakita siyang isang magandang dalaga at siya'y nabighani dito. Umibig siya sa dalaga at nag-alok ng kasal subalit tinanggihan siya nito.

"Hindi ako maaaring maging maybahay ng isang lalaki na hindi na maganda ang hitsura ay hindi pa rin maganda ang ugali," tugon ng dalaga.

Dahil dito, napilitan si Lord George Hall na magpagawa ng maskara sa pinakamahusay na manggagawa nito. Makalipas ang ilang araw ay dinala na ito sa kanya. Hindi halos mapapansin na maskara pala ito dahil sa lapat na lapat ang bawat detalye sa mukha. Ang dating mabagsik at nakatatakot niyang mukha ay napalitan ng isang maamong hitsura.

Muli siyang lumigaw sa dalaga. Hindi siya nagpakilala bilang si Lord George Hall. Sa halip isang bagong katauhan ang kanyang iniharap sa dalaga. Kalakip ng pisikal na pagbabago, kinailangang magpakitang gilad siya. Hindi dapat mabakas ang kanyang dating masamang ugali. Dahil dito, nagpanggap siyang mabait, makatao at taglay ang mabubuting katangian ng isang mabuting asawa sa hinaharap. Mahabang panahon niya rin itong ginawa bago napasagot at tuluyang mapapayag ang dalaga na siya ay pakasalan.

Sa loob ng maraming taon ay walang nakaalam ng kanyang lihim dahil ipinagpatuloy niya ang pagpapakatao at paggawa ng mabuti. Nakasanayan na niya ang mga kilos na dati ay pawang puro pagpapanggap lamang.

Isang araw, nakasalubong nilang mag-asawa ang dati niyang kaaway. Nakilala siya nito sa kabila ng kanyang maskara at pagpapanggap. Sa harapan ng kanyang asawa ay hinablod ng kaaway ang maskarang suot niya upang ipakita ang tunay ng hitsura nito. Laking gulat ng kaaway na wala na ang dating bakas ng mukha ni Lord George Hall. Sa halip, isang maaamong mukha ang nakita niya. Nagbago ang kanyang anyo, sa araw-araw niyang pagsisikap na maging mabuti sa paningin ng kanyang mahal sa buhay.


"Practice had made the transformation."

Sagutin Mo

1. Paano mo iugnay ang Gawain Blg.1 sa kuwentong iyong binasa?
2. Paano nakatulong ang araw-araw na pagsasanay sa pagbabagong-anyo ng lalaki?
3. Anong mahalagang aral ang napulot mo sa kuwento?

Gawain Blg. 3

Mag-isip ka ng mga kilos o pag-uugaling nakahahadlang sa iyong pag-unlad. Isulat mo ang mga ito sa oblong sa ibaba. Sa paligid ng *arrow* isulat mo ang mga hakbang na maaari mong isagawa upang mabago ito.




Sagutin Mo

1. Nagagamit mo ba nang mapanagutan ang iyong kalayaan sa pagsasabuhay ng iyong mga inilista? Bakit?
2. Bakit mahalaga ang mapanagutang pagpapasya tungo sa pagpapaunlad ng sarili?

IV. Ano ang Iyong Natuklasan?

Masdan ang bilog sa ibaba. Kinapapalooban ang mga ito ng ilang mahahalagang salitang nabanggit sa araling ito. Bumuo ka ng pangungusap na magpapahayag ng konseptong iyong natutuhan.



Ang

V. Pagpapatibay

Ang kalayaan ay handog ng Diyos na tao lamang ang pinagkalooban. Kung gagamitin ito nang mapanagutan magsisilbi itong puhunan upang mapaunlad ang ating sarili. Subalit kung aabusuhin ang paggamit nito, baka ito pa ang magbigay daan sa iyong kabiguan at kalungkutan.

Hindi iilang kabataang katulad mo ang nasadlak sa kaawa-awang kalagayan sanhi ng maling paggamit ng kalayaan. Ang akala nila ay walang kalakip na pananagutan ng kalayaan, na sila ay malaya basta nagagawa nila ang lahat ng kanilang naisin. Subalit hindi ito ang tunay na kahulugan ng kalayaan.

Ang paglinang mga mga pagpapahalaga at mabubuting gawi ay indikasyon ng mapanagutang paggamit ng kalayaan.

Kung ang isang kilos ay paulit-ulit mong ginagawa, tinatawag itong gawi o *habit*. Kung mabuti ang gawi, ito ay *virtue*. Kung masama ang gawi, tinatawag itong bisyo. Ang anumang pagpapahalaga ay nagiging *virtue* sa tagal at dalas ng pagsasabuhay nito. Nagiging bahagi na ito ng iyong pagkatao na mahirap ng alisin.

Ayon kay Esteban ang kalayaan ay hindi nangangahulugan na nagagawa mo ang lahat ng iyong naisin. Sa halip, ito ang karapatan mong gawin ang *narapat* upang makamit ang pinakamataas at pinakadakilang layunin ng ating kalikasan bilang tao.

Sa tulong ng Edukasyon sa Pagpapahalaga, tinutulungan kang matutong tanggapin ang pananagutan sa anumang kilos at pagpapasyang ginawa mo.

Paano mo malalaman kung naging mapanagutan ka sa paggamit ng kalayaan. Narito ang ilang palatandaan.

1. Kung naisaalang-alang mo ang kabutihang pansarili (personal good) at ang kabutihang panlahat. (common good).
2. Kung handa kang harapin ang anumang kahihinatnan ng iyong pagpapasya.
3. Kung ang iyong pagkilos ay hindi sumasalungat sa natural na batas at batas moral.

V. Pagnilayan at Isabuhay Mo


1. Anu-anong mga pagkakataon sa iyong buhay ang hindi ka naging mapanagutan sa paggamit ng iyong kalayaan?
2. Ano ang kinahinatnan nito?

3. Paano mo malilinang ang mapanagutang paggamit ng kalayaan? Bumanggit ng mga tiyak na hakbang na iyong isasagawa?
4. Anu-anong mga pagpapahalaga ang kailangan mong isabuhay sa pagpapaunlad ng mapanagutang paggamit ng kalayaan?

VI. Gaano Ka Natuto?

Panuto:

A. Basahing mabuti ang mga pangungusap sa ibaba. Tukuyin ang salitang binibigyang- kahulugan sa pamamagitan ng pagpili ng wastong titik ng terminolohiyang nasa loob ng kahon.



1. Ito lamang ang may kakayahang magpasya at alisin ang mga personal at mga di-kanais-nais na kilos
2. Kakayahang italaga ang sarili tungo sa isang tunguhin.
3. Talinong kaloob ng Diyos sa tao.
4. Mga pagpapahalagang taliwas sa batas moral.
5. Kakayahang akuin ang kahihinatnan ng isang kilos o pagpapasya.
6. Tanging panahon sa buhay ng tao na masidhi ang paghahangad na maging malaya.
7. Mabubuting gawi.
8. Mga balak isagawa.
9. Mithiin
10. Paghahangad na makamit ang mga hangarin sa buhay.

B. Basahing mabuti ang mga sitwasyon at tukuyin kung anong *moral virtue* ang ipinakikita dito. Isulat ang titik ng wastong sagot.

- A. Prudence
- B. Fortitude
- C. Temperance
- D. Justice

1. Dumalo sa *party* si Anna. Maraming masasarap na handa ang nakahain sa hapag. Mayroon ding iba't-ibang uri ng prutas at mga inuming pampalamig. *Buffet* ang istilo at maaaring kumuha kahit gaano karaming pagkain subalit pinilit ni Anna na kumuha lamang ng sapat at kaya niyang ubusin. Naisip niya na nakahihiya naman sa naghanda kung masasayang lamang ang pagkaing kukunin niya ngunit hindi naman mauubos.

2. Mahirap pakisamahan ang amo sa trabaho ni Julian. Madalas mataas ang tono ng boses nito at mahilig manigaw. Sa kabila ng sitwasyong ito, pinipilit pa rin ni Julian na magtrabaho nang maayos sapagkat ayaw niyang mawalan ng trabaho.
3. Masama ang loob ni Lina sa kanyang *bestfriend* dahil hindi siya sinipot nito sa kanilang usapan isang Sabado. Nais niyang kausapin ang kanyang kaibigan subalit humahanap siya ng magandang pagkakataon upang maiwasan ang mainitang pagtatalo sa pagitan nila.
4. Maganda at nakaaaliw ang mga programa sa *channel* ng telebisyon pinanonoran ni Claire. Gaano man kalakas ang dikta ng kalooban na tapusin ang palabas ay ino-*off* niya ang T.V dahil alam niyang hindi siya dapat magpuyat at may klase pa siya sa kinabukasan.
5. Working student si Rod. Nag-aaral sa umaga at kargador ng mga dumarating na gulay sa Divisoria kung gabi. Sa araw-araw ay halos apat na oras na lamang ang itinutulog niya. Tinitiiis niya ang hirap at tinatatagan ang loob sapagkat alam niyang hindi naman ito pang habambuhay.

VI. Sanggunian

Esteban, Esther J. 1990 *Education in Values*. Manila, Sinag-Tala Publishers Inc. p 66.

Mihalik, Frank .1993. *The Next 500 Stories*. Manila. Logos Publications, Inc.

Punsalan, Twila G., et al. 199 *Buhay*. Manila. Philippine Normal University. p.76

Susi sa Pagwawasto

Handa Ka Na Ba?

1. B
2. I
3. G
4. A
5. C
6. F
7. E
8. J
9. H
- 10.K

Gaano Ka Natuto

1. I
2. C
3. D
4. A
5. E
6. G
7. K
8. H
9. J
- 10.B

1. C
2. B
3. A
4. C
5. B